



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-15 ng Marso, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

CONVENIENT, SECURE, COVID-SAFE: BUMOTO SA TIRAHAN

Habang nagsisimula ng dumating ang mga balotang pangkoreo sa mga botante ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya, hinihikayat ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang mga residente na bumoto nang mas ligtas sa tirahan.

Mahigit sa 300,000 mga balotang pangkoreo ang ipinadala para sa Espesyal na Primaryang Eleksyon ng distrito.

Ang mga nakatira lamang sa Ika-79 na Distrito ang maaaring bumoto sa Ika-6 ng Abril na eleksyon. Ang area ay kinabibilangan ng southeastern San Diego, mga lungsod ng La Mesa at Lemon Grove, at mga bahagi ng Chula Vista, Bonita, at National City. Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito ng Ika-79 na Asembleya? Maaari ninyong malaman [dito](#).

Ang pagboto sa koreo ay:

- **SIMPLE:** Isang balotang pangkoreo, mga instruksyon at “Bumoto Ako” na sticker ang kasama sa inyong pakete ng balotang pangkoreo.
- **SAFER:** Pagdesisyon ang mga iboboto at markahan ang inyong balota nang komportable sa tirahan.
- **SECURE:** Pirmahan at petsahan ang inyong sobre, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito postage free sa isang pinagkakatiwalaang source:
 - Ibalik ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo. Para sa isang collection box o post office na malapit sa inyo, bisitahin ang website ng [U.S. Postal Service](#).
 - Simula **Lunes, Ika-29 ng Marso**, maaari ninyong ibalik ito sa isa sa maraming [mail ballot drop-off location](#) sa buong distrito. Hanapin ang pinakamalapit sa inyo sa pamamagitan ng pagbisita sa [online locator tool](#) ng Tagapagrehistro.



COUNTY OF SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-15 ng Marso, 2021

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

- Ibalik ito sa [opisina ng Tagapagrehistro](#) kung saan nagaganap na ang maagang pagboto mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Kung plano ninyong i-drop off ang inyong balotang pangkoreo doon o bumoto nang personal, magsuot ng face covering at panatilihin ang social distancing.

Ang mga botante na binalik ang kanilang balotang pangkoreo sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring i-track ito sa pamamagitan ng pag-sign up para sa "[Nasaan Ang Aking Balota?](#)".

Kung hindi pa ninyo natatanggap ang inyong balotang pangkoreo sa Ika-16 ng Marso tumawag sa opisina ng Tagapagrehistro sa (858) 565-5800.

Para dagdagan ang kaalaman tungkol sa [Bumoto Nang Mas Ligtas San Diego](#) at pagboto sa Espesyal na Eleksyon ng Distrito ng Ika-79 na Asembleya ng Estado, bisitahin ang [sdvote.com](#) o tumawag sa (858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER

